**Mga umiiral at planadong hakbang**
**sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

**Puwersa ng Pulisya ng Hong Kong**

Ang Puwersa ng Pulisya ng Hong Kong (HKPF) ay nakapangako sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, pagiging-patas at paggalang. Sa paghahatid ng mga serbisyong mataas-ang-uri, tatasahin namin ang epekto ng mga palakad namin upang matiyak ang pagiging-walang-kinikilingan sa mga pakikitungo sa lahat na miyembro ng publiko, kahit ano pa ang kanilang etnikong pinagmulan.

## A. Pakikitungo sa mga Miyembro ng Publiko

| | |
|---|---|
| Kaugnay na Serbisyo | • Upang tiyakin ang pagkakapantay-pantay ng lahi sa lahat ng mga pakikitungo namin sa publiko. |
| Mga umiiral na hakbang | • Ang HKPF ay nagpapatupad ng Sistematikong-plano-ng-paggawa na Tagapag-asiste ng Pulisya sa Pakikipag-ugnayan sa Komunidad *[Police Community Liaison Assistant]* (PCLA*)* sa 13 Distrito ng Pulisya. Ang mga PCLA na ito ay magagaling sa mga wikang banyaga tulad ng Urdu, Thai o Hindi. Ang mga PCLA ay umaasiste sa mga Distrito ng Pulisya upang paigtingin ang pakikitungo sa mga komunidad ng iba't-ibang lahi ng tao tungkol sa mga bagay na para sa kapakanan ng bawa't-isa.<br><br>• Isang paskil ng Pang-tukoy ng Wika na naglalaman ng 25 wika kasama ang Sinhala, Tagalog, Tamil, Urdu, Bengali atbp. ay nakalagay sa lahat na ulatang-silid ng pulisya upang tumulong sa pagtukoy sa wika na sinasalita ng iba't-ibang lahi ng tao na nasa pakikipag-ugnayan sa Pulisya.<br><br>• Ang mga pupunuang-dokumento at mga paunawa sa mga tao na nasa kustodiya (kasama ang 'Pupunuang-dokumento ng Pagkapkap habang nasa Kustodiya', 'Paunawa sa mga Tao na nasa Kustodiya ng Pulisya o Sangkot sa Pagsisiyasat ng Pulisya', 'Patnubay sa Pag-aresto at Detensiyon' at 'Trato at Kalagayan sa mga Pasilidad ng Detensiyon ng Pulisya') na ibinibigay ng Pulisya ay nakasalin sa 25 na wika sa pormang nakasulat upang matiyak na ang iba't-ibang lahi ng tao na nasa kustodiya ay makaunawa sa nauukol na mga polisiya ng pulisya na maaaring makaapekto sa kanila. |

| | |
|---|---|
| | • Mga espesyal na hakbang ay nakahanda upang tugunan ang mga pangrelihiyong pangangailangan ng iba't-ibang lahi ng tao na nasa ilalim ng kustodiya ng pulisya, tulad ng pagbibigay ng mga tekstong pangrelihiyon, tanda ng direksiyon para sa pagdarasal at mga espesyal na klase ng mga pangangailangan sa diyeta. |
| Pagtatasa ng Panghinaharap na Gawain | • Paminsan-minsan ay susuriing-muli ng HKPF ang mga serbisyo at gagawa ng mga pagpapabuti kung saan kailangan. |
| Karagdagang mga Hakbang na Ginawa / Gagawin | • Ang HKPF ay nakisanib-puwersa sa isang organisasyon na pinondohan ng Kagawaran ng Pantahanang mga Bagay-bagay at nagpapatupad ng isang proyektong tinatawag na "TRANSLINK". Sa ilalim ng proyekto, agarang serbisyong pagsasalin sa telepono sa walong pangkaraniwang wika na hindi-etnikong Intsik, napapangalanang Urdu, Nepali, Punjabi, Hindi, Bahasa Indonesia, Thai, Tagalog at Vietnamese ay ibinibigay sa mga ulatang silid ng pulisya. Simula Nobyembre 2016, ang proyekto ay ipinatutupad nang Malawakang-puwersa sa lahat na ulatang silid ng pulisya at mga sentro ng ulatan |
| | • Magpapatuloy ang HKPF sa pagsasaalang-alang ng mga pangangailangan ng iba't-ibang lahi ng tao at paghahanda ng mga kailangang hakbang upang matiyak na ang lahat na serbisyo ay ibinibigay nang pantay-pantay sa lahat na miyembro ng publiko, kahit ano pa ang lahing pinagmulan. |

## B. Oportunidad sa Empleo

| | |
|---|---|
| Kaugnay na Serbisyo | • Upang magbigay ng pantay na oportunidad sa empleo sa lahat na aplikante para sa trabaho ng HKPF. |
| Mga umiiral na Hakbang | • Ang mga bakanteng trabaho ng HKPF ay bukas sa lahat na aplikante na makatutugon sa mga pinakabatayang kailangan sa pagpasok. |
| | • Para sa pangangalap-tauhan ng pulisya, binago ng HKPF ang Pagsusulit sa Praktikal na Paghawak sa Insidente para sa pangangalap ng Konstable ng Pulisya (PC), upang sa gayon ay kailanganin na ang mga kandidato ay pasulatin sa |

parehong Ingles at Intsik sa mga sitwasyon na nagkukunwang mga operasyon ng pulisya. Karagdagang puntos ay ipagkakaloob sa mga kandidatong may kasanayan sa mga wikang banyaga, na kung sino ay susubukin sa kanilang kagalingan sa pagsusulat at pagsasalita sa tulong ng isang tagapagsaling-wika sa loob ng proseso ng pagpili.

- Ang Dibisyon ng Pangangalap-tauhan ay nagpasimula rin ng Sistema ng Pagpapasangguni ng mga Hindi-Etnikong Intsik *['Non-Ethnic Chinese* (NEC) *Referral System'].* Ang mga aplikante na iba't-ibang lahi na hindi pumasa sa proseso ng pagpili sa pangangalap-tauhan ng Pulisya ay ipasasangguni sa mga kumukuhang proyektong pangkomunidad ng mga distrito ng Pulisya na angkop sa kanilang pahintulot. Ang pagpapasangguni ay naglalayon na pataasin ang kanilang kagalingan sa wikang Intsik at paghahanda para sa panayam upang sa gayon ay lalo silang nakahanda sa panghinaharap na mga pagtatasa para sa pangangalap-tauhan.

- Ang HKPF ay nagpasimula ng Nakasulat na Pagsusulit para sa Reklutang Konstable ng Pulisya *[Recruit Police Constable Written Examination* (RPC WE)] sa proseso ng pagpili. Ang aplikanteng pumasa sa RPC WE ay ituturing na nakatugon sa mga kinakailangan ng pagiging-magaling sa wika para sa mga pangkonstabularyong tungkulin at ang resulta ay permanenteng may-bisa para sa mga aplikanteng RPC. Ang RPC WE ay magbibigay sa mga aplikante ng mapagpipiliang paraan upang matugunan ang mga kinakailangan ng pagiging-magaling sa wika.

| | |
|---|---|
| Pagtatasa ng Panghinaharap na Gawain | • Ipagpapatuloy ng HKPF na ipatupad ang umiiral na mga hakbang. |
| Karagdagang mga Hakbang na Ginawa / Gagawin | • Magtatrabaho ang HKPF sa pakikipag-alyado sa mga institusyong pang-edukasyon, mga 'di-pampamahalaang organisasyon *(NGOs)* at mga paaralan, kasama iyong mayroong iba't-ibang lahi ng mga mag-aaral, upang humikayat sa mga mag-aaral na sumali sa HKPF. |

## C. Pagsasanay ng mga Kawani

| | |
|---|---|
| Kaugnay na Serbisyo | • Upang paigtingin ang kamalayan ng mga pulis sa talas-pang-unawa sa lahi at pag-unawa sa pagkakapantay-pantay ng lahi. |
| Mga Umiiral na Hakbang | • Lahat na pulis ay tinuturuan tungkol sa nilalaman ng Ordinansa Ukol sa Diskriminasyon dahil sa Lahi at mga kaugnay na patnubay sa pagkakapantay-pantay ng lahi sa loob ng panimula at nasa-serbisyong pagsasanay sa Kolehiyo ng Pulisya.<br><br>• Paminsan-minsan, mga gawaan, seminar at mga sesyon ng pagbabahagi-ng-karanasan ay ibibigay para dagdagan ng mga pulis ang kanilang pang-unawa at kamalayan sa mga wika at kultura ng iba't-ibang lahi ng tao. |
| Pagtatasa ng Panghinaharap na Gawain | • Makikipag-ugnayan ang HKPF sa iba pang mga kagawaran ng pamahalaan at *NGOs* upang magsaayos ng angkop na pagsasanay sa mga usaping pagkakapantay-pantay ng lahi para sa mga pulis. |
| Karagdagang mga Hakbang na Ginawa / Gagawin | • Ipagpapatuloy na ganapin ang umiiral na programa ng pagsasanay.<br><br>• Puna at mga komento mula sa mga pulis, iba pang mga kagawaran ng pamahalaan at *NGOs* ay kokolektahin para sa pagpapayaman ng nilalaman ng mga programang pagsasanay. |

Para sa katanungan tungkol sa mga umiiral at planadong hakbang sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring kontakin ang Kawani ng Ulatang Silid ng Pulisya sa mga ulatang silid ng pulisya, kung saan serbisyong 24-oras ay ibibigay. Ang impormasyon ng mga ulatang silid ay matatagpuan sa pamamagitan ng pang-ugnay sa ibaba:

http://www.police.gov.hk/ppp_en/contact_us.html

Katanungan tungkol sa nasa itaas na mga hakbang ay maaari rin na idiretso sa Police Hotline sa 2527 7177.

**Puwersa ng Pulisya ng HongKong**
**Mayo 2024**